

Paglalakbay tungo sa doktorando: Pag-aaral sa karanasan ng mga nagsipagtapos ng PhD Filipino

Marbella, Felisa ✉

Sorsogon State University, Philippines (felisa.marbella@sorsu.edu.ph)

Received: 4 July 2026

Available Online: 21 July 2026

Revised: 18 July 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26317

Accepted: 20 July 2026

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Layunin ng pag-aaral na ito na mailarawan ang karanasan ng mga nagsipagtapos ng Doktor sa Pilosopiya sa Filipino (PhD Filipino) bilang isang paglalakbay tungo sa pagiging ganap na doktorando. Gumamit ito ng kuwalitatib-penomenolohikal na disenyo upang maunawaan ang kanilang mga personal na karanasan. Dalawampung (20) nagsipagtapos mula sa Bicol University at Sorsogon State University ang napili sa pamamagitan ng purposive sampling. Isinagawa ang semi-structured in-depth interview at follow-up interview, at ang mga datos ay sinuri gamit ang tematikong pagsusuri. Upang matiyak ang kredibilidad ng pag-aaral, ginamit ang *member checking*, triangulasyon, at *reflexive journaling*, kasabay ng pagsunod sa mga etikal na pamantayan ng pananaliksik. Natuklasan na ang mga personal, propesyonal, at panlipunang motibasyon ang nagtulak sa mga kalahok na ipagpatuloy ang kanilang doktorado. Naranasan nila ang mga hamon sa akademiko, pananaliksik, at personal na aspeto, ngunit nalampasan ang mga ito sa pamamagitan ng mahusay na pamamahala sa oras, pagpapaunlad ng kasanayan sa pananaliksik at akademikong pagsulat, suportang sosyal, personal na katatagan, at malinaw na layunin. Nagdulot din ang kanilang paglalakbay ng pagbabago sa pananaw, pagkatao, at propesyonal na pagkakakilanlan bilang mga iskolar ng wikang Filipino. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang pagpapalawak ng interdisiplinaryong kurso, pagpapatibay ng kolaboratibong pananaliksik sa pagitan ng mga institusyon, at pagpapalawak ng publikasyon sa mga lokal at internasyonal na dyornal upang higit na maisulong ang Filipino bilang midyum ng intelektuwal na diskurso at pananaliksik.

Keywords: paglalakbay, doktorando, nagsipagtapos, motibasyon

Paglalakbay tungo sa doktorando: Pag-aaral sa karanasan ng mga nagsipagtapos ng PhD Filipino

1. Introduksiyon

Ang programang doktoral ay nakatuon sa malalim at espesyalisadong kaalaman sa isang partikular na disiplina. Nagbibigay ito ng kakayahan na maging eksperto at maunawaan ang pinakabagong konsepto, teorya, at pananaliksik. Sa antas doktoral ay higit pa sa pag-aaral ng mga libro; ito ay tungkol sa pagsusuri, pagsisiyasat, at paglikha ng bagong kaalaman. Pinapalakas nito ang kritikal na pag-iisip, *problem-solving skills*, at kakayahang magdesisyon batay sa ebidensya. Ang pagkakaroon ng digri sa doktoral na antas ay maaaring magbukas ng maraming oportunidad: pagtuturo sa kolehiyo o unibersidad bilang propesor, pamumuno sa mga institusyong pananaliksik, organisasyong pang-agham, o korporasyon, pagiging *consultant* o eksperto sa isang espesyalisadong larangan. Sa maraming bansa, ang doktoral na antas ay isang pangangailan para sa mataas na posisyon sa akademya o industriya.

Ang pag-aaral ng doktoral ay hindi lamang para sa pansariling karera; ito ay may epekto rin sa lipunan. Ang pananaliksik ay nagreresulta sa solusyon sa mga problema sa lipunan, agham, teknolohiya, at edukasyon. Ang doktoral na pag-aaral ay isang paglalakbay ng personal na disiplina at determinasyon. Pinapalakas nito ang kakayahang magpatuloy sa pagharap sa mahihirap na hamon sa buhay at karera. Ang doktoral na edukasyon ay kadalasang may mataas na pamantayan at kinikilala sa buong mundo. Pinapahusay nito ang kakayahang makipag-kompetensya sa global na merkado ng trabaho at akademya. Nagbubukas ito ng oportunidad sa pakikipag-ugnayan sa mga eksperto sa ibang bansa at sa paglahok sa mga internasyunal na kumperensiya.

Ayon nga sa UNESCO (United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization), sa pamamagitan ng *Institute for Lifelong Learning (UIL)*, binibigyang-diin ng UNESCO na mahalaga ang patuloy na pag-aaral, kasama ang mas mataas na edukasyon, bilang bahagi ng “lifelong learning.” Sa kanilang *policy brief* para sa *World Higher Education Conference*, sinasabi nilang dapat gawing mas “lifelong learning institutions” ang mga institusyon sa mas mataas na edukasyon (unibersidad) para mas maabot ang *sustainable development goals (SDG)*, lalo na SDG 4 (“quality education for all”). Ang International Institute for Educational Planning, bahagi ng UNESCO (IIEP-UNESCO) may inilathala sila tungkol sa *flexible learning pathways* sa mas mataas na edukasyon na nagpapahiwatig na dapat may sistema para sa mas malawak na access sa mas mataas na edukasyon. Ito ay bahagi ng mas malaking adbokasiya para sa *equitable access* sa mas mataas na edukasyon. Hindi lang para sa mga tradisyonal na estudyante kundi pati na rin sa mga *adult learners*. Ang Internal Association of Universities (IAU) naman ay isang organisasyong internasyonal ng mga unibersidad at institusyon sa mas mataas na edukasyon. Bilang partner ng UNESCO, itinutulak nila ang papel ng mga unibersidad sa global na edukasyon at sa pagsulong ng mataas na kalidad na edukasyon. Binibigyan nila ng diin ang responsibilidad ng institusyon sa mas mataas na edukasyon para sa pakikipag-ugnayan sa lipunan at para tumulong sa pagbuo ng kaalaman at kasanayan sa lipunan. Ayon sa kampanyang ito, ang mas mataas na edukasyon ay may malaking papel sa *transforming conflict and building peace*. Sinasabi rin nila na ang edukasyon sa antas ng unibersidad ay dapat magsama-sama ng pagpapahalaga sa kapayapaan, responsibilidad sa lipunan, at kritikal na pag-iisip na kinakailangan para sa mas mapayapang lipunan. (Global Campaign for Peace Education).

Ang paglalakbay tungo sa antas doktorado ay isang masusing prosesong *nakatuon* sa paghuhubog sa isip, damdamin, at pagkatao ng isang iskolar. Hindi ito simpleng paraan ng pag-akyat sa mataas na antas ng edukasyon, kundi isang paglalakbay ng pagkatuto, sakripisyo, at pagninilay sa kahulugan ng pagiging alagad ng karunungan. Sa larangan ng wikang Filipino, ang paglahok at matagumpay na pagtatapos sa programang Doktor sa Pilosopiya (PhD) sa Filipino ay hindi lamang intelektuwal na tagumpay, kundi isang makabuluhang hakbang tungo sa patuloy na pagpapaunlad, pagpapatibay, at pagpapayaman ng pambansang wika at kultura. Sa pag-aaral ni Flores et al, (2025), sinuri nila kung paano maisasama sa kurikulum ng mataas na edukasyon ang katutubong kaalaman at

makasaysayang salaysay ng Pilipinas bilang bahagi ng dekolonisadong pedagogiya. Ang dekolonisadong pedagogiya at pagsasama ng lokal na kaalaman ay tumutugma sa ideya na ang PhD sa Filipino ay hindi lamang karangalan, kundi ambag sa pagpapayaman at pagpapatibay ng pambansang wika at kultura.

Tinutukoy rin sa artikulong ito ang “Sikolohiyang Pilipino” bilang intelektwal na tradisyon na nagtataguyod na ang pag-aaral ng tao (*psychology*) ay dapat magmula sa sariling wika, kultura, at konteksto ng Pilipino. May paglalahad na ang paggamit ng lokal na wika at diskursong Pilipino ay mahalaga sa dekolonisasyon ng kaalaman — hindi basta paggamit ng banyagang teorya (San Juan, 2006). Sumusuporta ito sa ideya na ang PhD Filipino, doktorado sa larangan ng wika at kultura, ay isang makabuluhang ambag sa pambansang wika at intelektwalidad, dahil bahagi ito ng mas malawak na kilusang dekolonisasyon at lokal na kaalaman.

Sa paglipas ng mga taon, patuloy na lumalawak ang pangangailangan para sa mga iskolar na nagtataglay ng masidhing kaalaman, matalas na pagsusuri, at masalimuot na pag-unawa sa wikang Filipino at mga kaugnay nitong diskurso. Kaugnay nito, ang mga programang doktorado sa Filipino sa bansa ay nakatuon sa paglinang ng mga tagapagtaguyod ng wika, mananaliksik, edukador, at mga intelektuwal na may kakayahang magsulong at magpatibay ng kulturang pambansa. Gayunpaman, sa kabila ng mga adhikaing ito, nananatiling mabigat na hamon para sa maraming doktorando ang matagumpay na pag-abot sa pinakamataas na antas ng akademikong paghuhubog. Ang kanilang paglalakbay ay madalas na napapalooban ng matagalang proseso ng pananaliksik, limitadong akses sa pondo at iba pang institusyonal na suporta, gayundin ng mga personal na suliraning nakaaapekto sa kanilang pagganap at pag-usad sa programa. Ang mga salik na ito ay nagiging mahalagang hadlang sa buong proseso ng kompletong paglinang sa antas doktoral. Batay nga sa sinabi ni Castulo et al. (2025) sa isang pag-aaral sa graduate students sa edukasyon (Master’s at PhD) sa Pilipinas, natukoy nila bilang pangunahing hamon ang kakulangan ng oras para sa pananaliksik, kakulangan ng paggabay o patnubay, ang hindi tugma sa iskedyul dahil sa trabaho at pag-aaral, pati na rin ang problema sa pondo at konsern sa emosyonal. Sumusuporta ito sa argumento na maraming doktorando ang nahihirapan dahil sa limitadong akses sa pondo at iba pang institusyonal na suporta at may personal na suliranin. Isinulat din sa isang ulat ng University of the Philippines (UP) tungkol sa pananaliksik at pag-unlad ng graduate programs. Iminumungkahi sa ulat ang pagpapabuti ng suporta sa pananaliksik (research incentive, pondo, laboratorium, at *research centers*) sa mga unibersidad upang madagdagan ang bilang ng mga nagtapos na doktorado at pataasin ang kalidad ng pananaliksik. Ang ganitong argumento na limitadong suporta sa institusyon ay isa sa mga sanhi ng mabagal o hindi matagumpay na pagtatapos.

Sa ganitong konteksto, mahalagang maunawaan ang karanasan ng mga nagsipagtapos ng PhD sa Filipino. Ang kanilang mga kuwento ng pakikibaka, pag-asa, at tagumpay ay nagbibigay-liwanag sa mga realidad ng sistemang akademiko at sa kulturang bumabalot sa larangan ng wika at panitikan. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanilang karanasan, maitatampok hindi lamang ang mga hamon kundi ang mga estratehiya, pananaw, at paghuhubog ng pagkatao na kaakibat ng prosesong ito. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paglalakbay tungo sa doktorando bilang isang metapora ng pag-unlad. Mula sa pagiging mag-aaral patungo sa pagiging ganap na iskolar. Ang metaporang ito ay sumasalamin sa iba’t ibang yugto ng buhay ng doktorando: ang pagsisimula na may matinding inspirasyon, ang pakikibaka sa gitna ng pagod at panghihina, at ang pagdating sa ruok ng pagtatapos bilang bunga ng tiyaga, disiplina, at pananampalataya sa layunin ng edukasyon.

Binibigyang-diin sa koleksyon ng mga kuwento nina Twinley at Letherby (2021) mula sa doktorando, tagapayo, at tagasuri na ang doktoradong paglalakbay ay hindi lamang intelektuwal, kundi emosyonal, *embodied*, at pulitikal. Pinapakita nito na ang *journey metaphor* ay talagang malawak at kumplikado, dahil kasangkot dito ang relasyong interpersonal, pagbabago sa identidad, at ang transpormasyonal na aspeto ng proseso. Ipinapakita rin sa pag-aaral nina Sparkman at Doran (2019) na maraming doktorando ang humaharap sa “affective challenges” (emosyonal na hamon) tulad ng isolation, stress, at kawalan ng suporta sa labas ng intelektuwal na gawain. Ito ay sumusuporta sa ideya mo na sa metaporang paglalakbay, ang gitnang bahagi ay maaaring puno ng emosyonal na pakikibaka na kailangang malampasan para marating ang pagtatapos.

Sa pamamagitan ng kuwalitatibong disenyong phenomenolohikal, sisikapin ng pag-aaral na ito na mailarawan

at maunawaan ang mga personal na karanasan ng mga nagsipagtapos ng PhD sa Filipino, kung paano nila nararanasan, binigyang-kahulugan, at napagtagumpayan ang kanilang akademikong paglalakbay. Inaasahan na ang mga kaisipang malilikha mula sa kanilang karanasan ay makatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa proseso ng pagiging doktorando at sa pagpapabuti ng mga programang doktorado sa bansa. Tulad din ito ng penomenolohikal na disenyo ng pag-aaral ni Kyungmee (2020) para tuklasin ang mga *lived experiences* ng labintatlong (13) estudyanteng kumukuha ng PhD *online*. Nakita sa pag-aaral ang anim (6) na pangunahing elemento na bumubuo sa karanasan nila: “*PhDness, onlineness, part-timeness, cohortness, practice-orientedness, at independence.*” Malaki ang kaugnayan nito dahil ipinapakita nito ang paglalakbay ng doktorando bilang isang proseso ng personal at intelektuwal na pagbabago, na umaayon sa metapora ng pagiging iskolar.

Gayundin ang diskusyon sa naging pag-aaral ni Pontillas et al. (2024) sa pagsabay ng akademikong responsibilidad at personal at propesyonal na obligasyon. Ipinapakita rin kung paano nakatutulong ang pamilya, *peer support*, at guro sa kanilang paglalakbay. Mahalaga ito para sa iyong proyekto dahil nagbibigay ito ng lokal na konteksto, karanasan ng graduate students sa Pilipinas. Ito ay tumutugma ito sa ideya ng personal na karanasan ng doktorando.

Sa kabuoan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong mag-ambag sa mas malalim na pag-unawa sa dinamika ng pamumuhay, pag-aaral, at paghubog ng mga Pilipinong nagsipagtapos ng doktorado sa wikang Filipino. Sa pamamagitan nito, inaasahang mabibigyang-diin ang mga karanasang nakapaloob sa kanilang akademikong paglalakbay at ang kahalagahan ng mga ito sa pagpapatatag ng iskolarsyip at intelektwalismong Filipino. Kailangang mag-aral sa mas mataas na antas dahil ito ay: nagbibigay ng malalim na kaalaman, nagbubukas ng mas magagandang oportunidad, nagpapalakas ng kritikal na pag-iisip, nagpapahusay ng propesyonal at personal na kakayahan, at nagbibigay-daan upang makapag-ambag sa lipunan

Layunin ng Pag-aaral - Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay maunawaan at mailarawan ang kabuoang karanasan ng mga nagsipagtapos ng Doktor sa Pilosopiya (Doctor of Philosophy, PhD) sa Filipino bilang isang paglalakbay tungo sa pagiging ganap na doktorando. Partikular, layunin ng pag-aaral na ito na: 1) matukoy ang mga motibasyon at salik na nagtulak sa mga impormante upang ipagpatuloy at tapusin ang programang doktorado sa Filipino 2) mailahad ang mga karanasan ng mga kalahok sa kanilang paglalakbay bilang doktorando. 3) masuri ang mga estratehiya at mekanismong ginamit ng mga nagsipagtapos upang mapagtagumpayan ang mga balakid na kanilang nararanasan sa panahon ng pag-aaral. 4) matuklasan ang mga pagbabagong idinulot ng karanasan sa antas doktorado. 5) maglatag ng mga pananaw at mungkahi para sa pagpapabuti ng mga programang doktorado sa Filipino at sa paghahanda ng mga susunod na doktorando sa parehong larangan.

2. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kuwalitatib-penomenolohikal na desinyo. Ang lapit na ito ay angkop sapagkat layunin ng pag-aaral na maunawaan at mailarawan ang personal na karanasan (*lived experiences*) ng mga nagsipagtapos ng Doktor sa Pilosopiya (PhD) sa Filipino bilang isang anyo ng intelektuwal at personal na paglalakbay. Sa penomenolohiya, binibigyang-diin ang pag-unawa sa mga karanasan ng mga kalahok mula sa kanilang sariling pananaw upang matukoy ang mga esensiya o kaisipang bumabalot sa kanilang mga karanasan. Sa kontekstong ito, ang “paglalakbay tungo sa doktorando” ay ituturing na isang makabuluhang proseso ng paghubog ng pagkatao at propesyonismo bilang iskolar ng wikang Filipino.

Ang mga impormante sa pag-aaral ay ang 20 mga nagsipagtapos ng PhD sa Filipino mula sa dalawang (2) pamantasan na may programang doktoral sa Filipino, ang Bicol University at Sorsogon State University, Rehiyon V. Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga impormante—mga indibidwal na nakapagtapos ng PhD sa Filipino at may sapat na karanasan upang makapagbahagi ng makabuluhang pananaw ukol sa kanilang paglalakbay bilang doktorando. Sapat upang makuha ang lalim ng karanasan ngunit maiwasan ang labis na pag-uulit ng datos. Isasaalang-alang din ang balanse sa kasarian, edad, at institusyon kung saan sila nag-aral upang magkaroon ng mas malawak na representasyon ng karanasan.

Ang pangunahing paraan ng pangangalap ng datos ay *semi-structured in-depth interview*. Ang ganitong uri ng panayam ay nagbibigay ng kalayaan sa kalahok na magbahagi ng kanilang saloobin habang ginagabayan ng mananaliksik sa mga pangunahing tema ng pag-aaral. Ginamit ang interbyu skedyul na binuo na may bukas na tanong na: kanilang motibasyon sa pagpasok sa doktorado, mga karanasang hamon at tagumpay, mga estratehiyang ginamit sa pagharap sa mga balakid, at mga pagbabagong dulot ng kanilang karanasan sa personal at propesyonal na antas. Ang mga panayam ay itinala (audio-recorded) upang matiyak ang katumpakan ng transkripsyon. Nagsagawa pa rin ng *follow-up interview* upang linawin o dagdagan ang mga impormasyong nakuha. Ang mga nakalap na datos mula sa panayam ay isinailalim sa tematikong pagsusuri. Ginawa ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang: transkripsyon ng lahat ng panayam sa wikang Filipino, pagbasa at pag-unawa sa kabuoan ng datos upang makilala ang mga paunang tema o *pattern*, pagkodigo (*coding*) ng mga mahahalagang pahayag at ideya, pagbuo ng mga tema mula sa magkakatatulad na karanasan at pananaw at pagpapaigting ng interpretasyon sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga tema sa teoretikal na balangkas at sa layunin ng pag-aaral. Upang mapanatili ang bisa at kredibilidad ng pag-aaral, ginamit ang pamamaraan na: *member checking* – pagbabalik sa impormante upang ipasuri kung tama ang pagkaunawa ng mananaliksik sa kanilang pahayag, triangulasyon – paghahambing ng mga sagot mula sa iba’t ibang impormante upang makabuo ng mas matatag na tema, at *reflexive journaling* – pagtatala ng sariling obserbasyon at bias ng mananaliksik upang maiwasan ang labis na interpretatibong impluwensiya.

Tiniyak ng mananaliksik na ang pag-aaral ay sumusunod sa mga pamantayang etikal ng pananaliksik tulad ng: pagkuha ng nakasulat na pahintulot (informed consent) ng bawat kalahok, pagpapanatili ng kompidensiyalidad ng kanilang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng paggamit ng mga alyas o kodigo, at pagbibigay ng karapatang umatras anumang oras mula sa panayam kung nanaisin ng kalahok. Lahat ng impormasyong nalikom ay ginamit para lamang sa layuning akademiko at itatago nang may pag-iingat.

3. Natuklasan

Tinalakay sa pag-aaral na ito ang mga natuklasan sa isinagawang pag-aaral tulad ng kung ano ang mga motibasyon at salik na nagtulak sa mga impormante upang ipagpatuloy at tapusin ang programang doktorado sa Filipino. Gayundin ang mga naging karanasan ng mga kalahok sa kanilang paglalakbay bilang doktorando. Tinukoy rin ang mga estratehiya at mekanismong ginamit ng mga nagsipagtapos upang mapagtagumpayan ang mga balakid na kanilang naranasan sa panahon ng pag-aaral at kung ano ang mga pagbabagong idinulot ng karanasan sa antas doktorado. Inilatag din ang mga pananaw at mungkahi para sa pagpapabuti ng mga programang doktorado sa Filipino at sa paghahanda ng mga susunod na doktorando sa parehong larangan.

3.1 Motibasyon at Salik na Nagtulak sa mga Impormante upang Ipagpatuloy at Tapusin ang Programang Doktorado sa Filipino

May iba’t ibang **motibasyon at salik** na nagtutulak sa mga doktoral na mag-aaral para ipagpatuloy at tapusin ang programa. Sa kontekstong Pilipino, ang ilan sa mga karaniwang salik ay maaaring pareho sa mga internasyonal na natuklasan, ngunit may natatanging dinamiko halimbawa, pamilya, kultura, sistema ng skolaryip na dapat isaalang-alang. Narito ang mga naging motibasyon ng mga nagsipagtapos ng programang PhD Filipino:

Personal na motibasyon. Ayon sa mga impormanteng nagsipagtapos ng PhD Filipino ang pangunahing motibasyon ay nakaugat sa personal na adhikain na maabot ang pinakamataas na antas ng edukasyon. Marami ang may personal na mithiin na makamit ang pinakamataas na antas ng edukasyon bilang katuparan ng sariling ambisyon. Sabi nga ni Impormante Blg. 1:

“Matagal ko nang pangarap na maging doktor sa Filipino; gusto kong mapatunayan na kaya ng isang gurong probinsyano. Na kahit nahihirapan sa pagpapakasya ng sahod at malayo sa sibilisasyon gagawa at gagawa ako ng paraan na makatapos ng PhD Filipino, ang magkaroon sa pangalan ko ng Diaz, PhD”

Ang pagnanais na patunayan sa sarili na kaya nilang makapagtapos, gayundin ang interes na palalimin ang kaalaman sa wika at kulturang Filipino, ay nagsilbing inspirasyon upang magpatuloy sa kabila ng mga pagsubok. Ang doktorado sa Filipino ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa sariling wika, panitikan, at identidad bilang Pilipino. Nais nilang mas mahasa sa pagsusuri, paglikha, at pagbabahagi ng kaalaman sa larangan ng Filipino. Sa naging pag-aaral ni Arceno (2018) tinalakay nito ang motibasyon ng mga graduate students sa isang kolehiyo sa Leyte, kung saan ang mga pangunahing motibong natukoy ay intrinsic (personal growth) at extrinsic (salary augmentation). Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa personal at propesyonal na dimensyon ng motibasyon

Propesyonal na motibasyon. Karamihan sa mga impormante ay nagtuturo na sa kolehiyo o unibersidad. Ang pagkuha ng doktorado ay itinuturing nilang hakbang sa propesyonal na pag-unlad at promosyon sa akademya. Nakita rin nila ito bilang paraan upang mapalawak ang kakayahan sa pananaliksik at mapataas ang antas ng pagtuturo. Kadalasan, ang pagkakaroon ng doktorado ay kinakailangan o malaking bentahe sa promosyon, permanenteng posisyon, o pagiging propesor. Kakikitaan ng pagkilala at respeto sa larangan. Ang titulo ng Doktor ay simbolo ng kadalubhasaan na nagbibigay ng mas mataas na kredibilidad at prestihiyo sa propesyon.

“Ginagawa ko ito hindi lang para sa titulo kundi para maging mas mahusay na guro at mananaliksik. Nais kong mas marami ang maibahagi ko sa aking mga mag-aaral at maging sa aking kapwa guro. Halimbawa, ang matuto ako sa pananaliksik ay malaking bahagi sa aking propesyon”

Ang pag-aaral sa mas mataas na antas ng edukasyon ay pagkakataon na matuto sa pananaliksik at publikasyon. Ang programang doktorado ay nagbubukas ng pinto sa pagsulat at presentasyon sa mga kumperensya, lokal man o internasyonal. Sa naging pag-aaral nina Arriata et al. (2024)¹⁴ tumutugon sa motibasyon, karanasan, at pangangailangan ng mga *graduate students* sa Pilipinas hinggil sa paggawa at publikasyon ng pananaliksik. Natukoy ang mga motibong gaya ng panggaganyak ng propesor, pangangailangan ng kurso, at promosyon

Panlipunang motibasyon. Ang ilan ay nagbigay-diin sa pagnanais mag-ambag sa pagpapalaganap ng wikang Filipino bilang wika ng karunungan. Itinuturing nilang tungkulin ang paggamit ng kaalaman upang makapag-ambag sa pambansang identidad at makapaglingkod sa susunod na henerasyon ng mga mag-aaral.

“Sa pagtatapos ko, gusto kong makalikha ng mga pananaliksik na magpapatibay sa Filipino bilang wika ng agham. Gusto kong makatulong.”

Marami ang may adhikaing isulong ang paggamit, intelektwalisasyon, at pagpapalaganap ng wikang Filipino. Nais ng ilan na maging inspirasyon o gabay sa mga mag-aaral at kapwa guro. Ang pagsulong ng Filipino bilang wika ng karunungan ay itinuturing na bahagi ng pagiging makabayan. Sa naging pag-aaral nina Esclares at Limpot (2025) sinuri ang ugnayan ng motibasyon, saloobin sa pagkatuto, at kapaligiran sa pagkatuto ng wikang Filipino sa pampublikong sekondarya sa Davao Region, at natuklasan na ang motibasyon ang *strongest predictor*. Makikita dito ang dimensyon ng motibasyon sa wika bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto ng Filipino. Ang pag-ambag sa wika at kultura ay maaaring motibasyon. Ayon din sa pag-aaral nina Fanca at Napil (2022) sa Senior High School sa Davao City hinggil sa motibasyon sa pagkatuto ng Filipino batay sa kasanayan sa pag-aaral, pagsulat, at pagbabasa. Bagaman nakatuon sa Senior High School, nagpapakita ito ng konteksto kung paano ang wika (Filipino) ay pinapahalagahan sa edukasyon at maaaring magbigay ng batayan para sa panlipunang motibasyon sa mas mataas na antas.

Iba pang motibasyon na nakatulong sa pagpapatuloy. Malaki ang papel ng pamilya, kaibigan, at mga tagapayo sa pagpapatuloy ng kanilang pag-aaral. Malaking tulong ang moral, emosyonal, at pinansiyal na suporta ng pamilya at mga kaibigan. Gayundin, binigyang-diin ang disiplina, tiyaga, at malinaw na layunin bilang mga panloob na salik na nagpatatag sa kanila.

“Sa tuwing gusto ko nang sumuko, pamilya ko at ang mga kasamahan ko sa unibersidad ang bumubuhay sa akin.”

Ang pagkakaroon ng maunawaing tagapayo ay nakapagpapatibay ng loob. Ang kakayahang magtiyaga sa kabila ng hirap, pagod, at mga hadlang ay mahalaga sa pagtatapos. Ang maayos na paggamit ng oras at organisasyon ng gawain ay susi sa pagtatapos ng disertasyon. Ayon nga kay Archarya et al. (2023) isang *integrative review* na nagsasabing mahalaga ang *social support* ng pamilya, *peer*, *mentoring* upang mabawasan ang stress ng doktoral na pag-aaral. Tinukoy rin ito sa katangian ng *helpful advice from scholarly community*, *open and honest communication*, at *emotional support* mula sa superbisor bilang kritikal na pinagkunan para sa emosyonal na kalusugan ng doktorando. Sa kasong *doctoral students* na nag-aaral online, napatunayan sa pag-aaral nina Jameson at Torres (2019) na ito na ang *relatedness* (pakiramdam ng kaugnayan sa tagapayo / mentor) ay kritikal sa motibasyon ng mag-aaral. Ipinapakita rin dito na ang *internal locus of control*, disiplina, at panloob na motibasyon ay nakatutulong sa pagtatapos ng disertasyon.

Sa kabuoan, ang mga impormante ay pinangibabawan ng tatlong pangunahing dimensyon ng motibasyon: personal, propesyonal, at panlipunan, na pinatatag ng suporta at panloob na disiplina. Ang ugnayan ng mga ito ang nagbigay-daan upang matagumpay nilang mapagtagumpayan ang mga hamon sa doktorado sa Filipino. Sa artikulong isinulat nina Abrigo et al. (2024) gamit ang naratibong disenyo, sinuri ang mga karanasan ng tatlong STEM teachers sa Pilipinas na ginagawa ang kanilang doktorado. Nalaman dito ang praktikal na dahilan (promotion/higher salary) at intrapersonal motivation. Nagkakaugnay ito sa tema ng doktorado sa Filipino: motibasyon plus hamon resulta pagpupunyagi.

3.2 Mga Karanasan ng mga Kalahok sa Kanilang Paglalakbay Bilang Doktorando

Ang paglalakbay sa antas doktorado ay isang natatanging yugto sa buhay ng isang iskolar, na nagdudulot ng malalim na pagbabago sa intelektuwal, propesyonal, at personal na aspekto. Hindi lamang ito proseso ng pagkatuto ng bagong kaalaman, kundi pagkakataon upang linangin ang kakayahang kritikal na mag-isip, magsaliksik, at mag-ambag sa pagpapalawak ng larangan ng Filipino sa edukasyon at pananaliksik. Kakikitaan ito ng iba’t ibang karanasan habang ginagawa nila ang paglalakbay. Narito ang mga karanasang ng mga impormante:

Hamon sa akademiko. Ang pag-aaral sa antas doktorado ay naging isang malaking hamon sa akademiko para sa mga impormante. Iba-ibang matinding akademikong gawain ang kanilang ginagawa. Kinaharap nila ang maraming babasahing literatura, pagsusulat ng papel, at mahigpit na mga dedlayn. Isa pa ring pinakamalaking hamon ayon sa mga impormante ay ang balanseng oras. Pagbabalanse ng trabaho at pag-aaral. Kailangang paghatiin ang panahon sa pagtuturo, pag-aaral, at personal na buhay. Halimbawa, bilang mga guro sa sekondarya sa pangkat STEM, nahirapan silang pagsabayin ang pagtuturo at mga kailangang gawain ng programa. Kailangan nilang pag-aaral kung paano mababalanse ang oras upang makaangkop sa bagong antas ng pagkatuto. Kinailangan nilang mag-adjust sa mas mataas na antas ng pagkatuto, kung saan hindi sapat ang simpleng pagmemorya ng impormasyon. Dito, kinakailangan ng malalim na analisis, kritikal na pag-iisip, akademikong pagsulat, at kasanayan sa pananaliksik para makasabay sa mahigpit na pamantayan ng doktoral na edukasyon.

Dahil dito, madalas silang makaranas ng pagod, kawalan ng tulog, at mental strain, ngunit itinuring nila ito bilang bahagi ng kanilang paglago bilang mga iskolar at guro. Naging karanasan ito ng hamon sa akademiko dahil dito nila nasukat ang kanilang kakayahang magpatuloy sa gitna ng mataas na inaasahan at mahigpit na pangangailangan ng doktoral na antas. Ang naging resulta ng pag-aaral ay makikita rin sa pananaliksik nina Algar et al. (2025) na nakatuon sa karagdagang tungkulin ng mga guro, stress, at workload at kung paano ito nakakaapekto sa kanilang propesyonal na buhay. Sumusuporta sa bahagi ng pagbabalanse ng oras at karagdagang gawain sa ginagawang pag-aaral.

Hamon sa pananaliksik. Sa mga naging kasagutan ng mga impormante sinabi nila na ang pagsasagawa ng pananaliksik ang pinakamabigat ngunit pinakamakabuluhang bahagi ng kanilang paglalakbay. Nahirapan ang mga impormante sa pagbuo ng konsepto at metodolohiya. Isa sa pinakamalaking hamon ay ang pagpili ng paksa,

pagbuo ng teoretikal na balangkas, at pagpili ng tamang disenyo ng pag-aaral. Nahirapan sila sa pagkuha ng sapat at makabuluhang datos dahil sa limitadong oras at akses sa mga kalahok at pagsusuri nito. Marami sa kanila ang nakaranas ng pangamba at pagkalito sa pagsusulat ng disertasyon, lalo na sa aspeto ng pagsusuri ng datos at pagbuo ng interpretasyon. Sa kabila ng mga hadlang, nagpapatuloy pa rin sa kabila ng pagod at kabiguan. Nabanggit ng mga kalahok na ang pagbuo ng disertasyon ay isang mahabang proseso ng trial and error, ngunit ito rin ay nagturo sa kanila ng tiyaga at katatagan. Nakita nila ito bilang pagkakataon upang paunlarin ang kanilang kasanayan sa pananaliksik at mas maunawaan ang halaga ng integridad ng akademiko at halaga ng intelektwal.

Ang pagkakaroon din ng suporta mula sa pamilya at kaibigan ay nakatulong ng malaki. Ang suportang moral mula sa mga mahal sa buhay ay naging susi para magpatuloy. Ang paghangad ng pag-unlad sa sarili ang isa sa nais nilang makamit. Sa kabila ng hirap, nakamit nila ang mas mataas na antas ng disiplina, kumpiyansa, at propesyonal na kasanayan. Tumutugon sa hamon ng pananaliksik sa guro bilang mananaliksik ang naging pag-aaral nina Bullo et al. (2021) layuning makita ang mga hamon at kahirapan na naranasan ng *teacher-researchers* sa Pilipinas sa pagsasagawa ng *educational research* (kabilang ang kakulangan ng oras, pagkabala sa pagsulat at pagsasagawa ng pananaliksik, kahirapan sa pag-aanalisa ng datos). Sa naging pag-aaral din nina Castula et al. (2025) layunin din suriin ang hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa paaralang gradwado sa edukasyon sa Pilipinas, kabilang ang *institutional support*, *research productivity*, at pananaliksik.

Hamon sa personal na aspekto. Hindi lamang akademiko at intelektwal na aspekto ang naapektuhan kundi pati ang personal na buhay ng mga impormante. Marami sa kanila ang nahirapan sa pamamahala ng oras sa pagitan ng trabaho, pamilya, at pag-aaral. May pagkakataon na hindi nila alam kung alin ang uunahin halimbawa kung gawain sa paaralan o seminar ng kanilang klase, sasamahan ang anak sa GPTA miting o dadalo sa gawain ng klase. Nakaranas sila ng stress, pagod, at minsan ay pagnanais na sumuko, ngunit nakahanap sila ng lakas sa suporta ng pamilya, kaibigan, at mga kapwa doktorando. Sa huli, nagkaroon sila ng malalim na personal na pag-unlad. Natutong maging disiplinado, matatag, at mas determinado sa pag-abot ng kanilang mga layunin. Naging karanasan ito sa personal na hamon dahil dito nila natuklasan ang kanilang katatagan, kakayahang magbalanse ng buhay, at tunay na kahulugan ng dedikasyon.

Ang karanasan ng mga impormante bilang mga doktorando ay pagsasanib ng tatlong hamon, ang akademiko, pananaliksik, at personal. Sa kabila ng pagod at hirap, ang mga pagsubok na ito ay nagbunga ng paglago sa propesyonal at personal na antas, na siyang tunay na diwa ng paglalakbay sa doktoral na antas. Sinuportahan din ito ng pag-aaral ni Calugan (2024) na tiningnan ang key challenges na kinakaharap ng mga mag-aaral sa doktoral na programa dito sa Pilipinas. Kasama sa mga hamon na kinakaharap ay ang personal na aspekto, trabaho, at akademikong responsibilidad. Tinutukoy nila rin ang mga resilience strategies (estrategiya ng katatagan) na ginagamit ng mga doktorando para mapamahalaan ang balanse sa pagitan ng buhay-personal, trabaho, at pag-aaral.

3.3 Mga Estrategiya at Mekanismong Ginamit ng mga Nagsipagtapos

Ang mga estrategiya at mekanismong ginamit ng mga mag-aaral sa PhD Filipino ay pinangkat sa: epektibong pamamahala ng oras, pagpapalakas ng kasanayan sa pananaliksik at akademikong pagsulat, pagbuo ng suportang sosyal, pagpapaigting ng personal na katatagan, at malinaw na layunin at inspirasyon. Ang mga nabanggit na estrategiya at mekanismong ito ay nakatulong nang malaki upang mapagtagumpayan ang anumang kanilang naranasan.

Tamang pamamahala ng oras. Upang maging maayos ang balanseng oras sa trabaho, pamilya, at pag-aaral gumamit sila ng iskedyul o plano. Tinukoy nila ang mga dapat na prayoridad at itinakda ang mga maiikling layunin upang hindi nalulula sa dami ng gawain. Ayon nga sa isang impormante sinabi niya na: “Minsan hindi ko na alam kung alin ang uunahin ko, ang dami kasi.” Kapag ganito ang pakiramdam ng isang nag-aaral may pagkakataon na nawawalan na siya ng direksyon sa kung ano ang gagawin. Nakakaramdam siya ng pagkabalisa o kaya’y stress. Kapag mayroong kang disiplina sa oras nagiging susi ito upang matapos ang mga pangangailangan sa kurso, pananaliksik, at pagsusulat ng disertasyon sa kabila ng limitadong panahon. Sabi nga ng isang impormante: “Kung

hindi ko planado ang bawat linggo, hindi ko matatapos kahit isang chapter.”

Sa naging pag-aaral nina Gonzales et al. (2025) sinuri rito ang walong (8) aspekto ng time management (*goal setting, prioritization, planning, adaptability, procrastination, distraction, stress management, self-motivation*) sa mga *graduate students* na nagsusulat ng tesis o disertasyon. Naging kongklusyon nito na mabuti ang ilang kasanayan sa pamamahala ng oras, ngunit ang *stress management* ay isa sa mahirap na aspekto. May kaugnayan ito sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral, dahil nagpapakita ito ng aktwal na karanasan ng mga estudyante sa pagharap sa dami ng gawain sa disertasyon at kung paano nila pinaplano at binabalanse ang oras. Ayon din sa pag-aaral ni Pedroso et al., (2023) kinapanayam nila ang anim (6) na *working students* upang alamin kung paano nila binabalanse ang akademiko at trabaho gamit ang mga estratehiya sa pamamahala ng oras. Lumabas ang dalawang (2) pangunahing tema — internal efforts (disiplina sa sarili, organisadong mga pamamaraan) at external environment adaptations. Sa konteksto na nagtatrabaho ang mga mag-aaral, maaaring iugnay ang kanilang pakiramdam na “*hindi na alam kung alin ang uunahin*” sa mga naging kasagutan din ng mga impormante sa kasalukuyang pananaliksik. Ang kanilang nararamdaman ay magkatulad.

Pagpapalakas ng kasanayan sa pananaliksik at akademikong pagsulat. Ang paglahok sa mga palihan, worksyap at riserts-kolokyum ay mabisang para upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbuo ng pananaliksik. Ang matutuhan mo ang paggawa ng disenyo, pagbuo ng pangkalahatang layunin, pagkuha at pagsuri ng datos at iba pang bahagi ng pananaliksik ay napakahalaga para mapalakas mo ang inyong kasanayan sa paggawa ng pananaliksik. Gayundin, ang magkaroon ka ng sapat na kaalaman sa akademikong pagsulat ay malaking bentahe para makabuo ng anumang uri ng akademikong pasulat. Sa pamamagitan ng ginawa ng mga impormante na ang makipagtulungan sa mga tagapayo at kapwa mag-aaral para humingi ng gabay at fdbak. Magbasa ng maraming peer-reviewed articles upang mapahusay ang akademikong wika at istilo ng pagsusulat ay ilan lamang sa mga gawain magpapalakas ng kaalaman sa pagbuo ng pananaliksik. Sabi nga ng isang impormante: “Ang patuloy kong pagkatuto at paminsan-minsang paghingi ng puna ay naging mekanismo para mapabuti ang kalidad ng aking pananaliksik. Ang paulit-ulit ng pagrerebisa ng papel ay tulong para mapaganda ko ang aking riserts.”

Sa pag-aaral ni McAlpine (2024) tinukoy ang magagawa ng 8-buwang *writing program* para sa doktoral na mananaliksik. Tinukoy dito kung paano sistematikong natututo ang mga PhD *students* sa akademikong pagsulat at kung paano lumalago ang kanilang pagiging manunulat habang tumatagal. Ipinapakita rito kung paano ang palihan at worksyap ay nakatutulong sa pagbuo ng kasanayan sa akademikong pagsusulat. Binigyang-diin din ng pag-aaral ni Stritch (2025) ang epekto ng *writing interventions*, tulad ng *writing groups* o *writing bootcamps* sa tiwala sa sarili at produktibidad ng mga mananaliksik. Tugma ito sa ideya ng impormante na ang fdbak at paulit-ulit na pagrerebisa ay makakatulong sa kalidad ng pananaliksik. Sinuri rin ni Gaber at Ali (2022) kung paano ang programa sa pagsasanay para sa siyentipikong pagsulat ay nagpapakita sa kasanayan ng *postgraduate students*. Ang ganitong programa ay direktang sumusuporta sa pahayag na ang pagsasanay (workshop) sa pananaliksik / pagsulat ay mabisang paraan para mapaunlad ang kakayahan sa akademikong pagsulat.

Pagbuo ng suportang sosyal. Mula sa pamilya, kaibigan, at kapwa doktorando nagkakaroon sila ng suportang emosyonal at moral. Sa kanilang nabubuong samahan nagagawa nitong mapagaan ang mabigat ng gawain at mapadali ang maraming gawain. Halimbawa nito ang pagkakaroon ng peer mentoring at study groups. Ito ay nakatulong sa pagbibigay ng motibasyon at pag-unawa sa mga mahihirap na paksa. Ang pagkakaroon ng sense of community ay nagbibigay sa kanila ng lakas upang magpatuloy kahit sa panahon ng pagod at pagdududa. Ang kapwa doktorando ay nagsilbing inspirasyon at sandigan sa mga mahihirap na yugto. Sabi nga ni Impormante 2: “Ang iniisip ko na hindi ko maipapasa ngayong araw ay nagawa kong mabuo at maipasa ngayon. Salamat na lamang at may kaibigang kaklase ako na nagpaliwanag at gumabay sa akin sa kung paano gagawin ang gawain ito. Salamat sa aking frenny.”

Sa naging pag-aaral ni Jairam et al. (2012) tinukoy nila na ang *social support* ng *doctoral students* ay nagmumula sa tatlong pangunahing grupo: peer graduate students (“academic friends”), pamilya, at tagapayo / guro (doctoral advisers). Ang ganitong natuklasan ng nasabing pag-aaral ay natuklasan din ng kasalukuyang pag-

aaral na ang suporta mula sa pamilya, kapwa doktorando, at gurong tagapayo ay isa sa naging dahilan para matapos nila ang kanilang pag-aaral. Batay na rin sa pag-aaral ni Conroy et al. (2024) ipinapakita na sa pag-aaral sa isang grupo ng mga doktorando mula sa iba't ibang institusyon ang pagkakaroon ng kanilang *small community* na nagbigay ng parehong akademikong at emosyonal na suporta habang nagpapatuloy ang kanilang disertasyon. Ang ideyang ito ay natuklasan din sa kasalukuyang pag-aaral na direktang sumasalamain sa konsepto na “kapwa doktorando bilang sandigan” at “sense of community”. Sa ginawa rin pag-aaral ni Merga (2021) kinapanayam nila ang mga bagong nagtapos ng PhD tungkol sa kung gaano kahalaga ang peer at suporta ng tagapagturo habang nasa doktorado, lalo na sa paglathala at pagbabahagi ng kanilang pananaliksik. Sumusuporta ito sa ideya na ang peer at *mentor network* ay mahalaga sa personal at akademikong pag-unlad ng doktorando.

Pagkakaroon ng personal na katatagan. Alam ng mga nagsipagtapos na ang programang doktoral ay mahabang proseso ng pagsubok at pagkatuto. Mahabang panahon ang gugugulin para matapos ito. Gumamit sila ng personal naistratehiya tulad ng pahinga, pagdarasal, at pagmumuni-muni upang mapanatili ang emosyonal na balanse. Sa halip na tingnan ang kabiguan bilang hadlang, ginawa nila itong aral at motibasyon upang magpapatuloy. Ang katatagan at pananampalataya ay naging pundasyon ng kanilang tagumpay. Hindi sila sumuko, nakipagsabayan sila sa kung ano ang hinihingi ng pagkakataon. Sabi ng ni Impormante 1: “Kapag hindi ko na alam ang gagawin, tahimik lang ako at nagdarasal. Sabi ko kay Lord, bahala ka na po sa akin. Ikaw na po ang magturo sa akin ng gagawin ko.”

Sa kuwalitatibong pag-aaral ang ginawa ni Kokotsaki (2023) gamit ang grounded theory sa mga doktorando upang tuklasin kung paano nila nai-interpret ang katatagan (“resilience”) at anong *coping strategies* ang ginagamit nila sa gitna ng akademikong presyon. Diretso itong tumutugma sa punto tungkol sa pagpanatili ng emosyonal na balanse sa proseso ng doktorado. Makikita mo rito kung ano ang karaniwang mekanismo ng katatagan ng mga doktorando. Isinasaad din sa artikulong sinulat ni Shur (2024) kung paano ginagamit ng mga doktorando ang *spiritual connection* (hindi palaging relihiyon; minsan mas pangkalahatang pakiramdam na konektado sa isang bagay na higit sa sarili) bilang *coping strategy*, kasama na ang pagdarasal at pagmumuni-muni muna Bahagi ito ng isang mas malawak na pag-aaral tungkol sa karanasan ng mga doktorando. Tugma ito sa naging resulta ng kasalukuyang pag-aaral na kapag hindi alam ng impormante kung ano ang gagawin, sila’y “tahimik ... nagdarasal” at humihingi ng gabay sa isang mas mataas na kapangyarihan.

May tiyak na layunin at inspirasyon. Sa naging sagot ng aking kinapanayam, sinabi nila na palaging nasa kanilang isip ang layuning makapagtapos at makapag-ambag sa larangan ng edukasyon. Ang personal na motibasyon, tulad ng pagnanais na mapaunlad ang sarili, mapabuti ang pagtuturo, maging huwaran sa mag-aaral, at ang magkaroon ng dagdag na sahod ang nagtulak sa kanila na tapusin ang programa. Ang motibasyon mula sa kanilang mga mahal sa buhay ay naging sandigan rin para tapusin ang kanilang pag-aaral. Ginamit nila ang kanilang kagustuhan na magturo at pagbuo pananaliksik bilang inspirasyon sa kabila ng mga hadlang. Ayon nga sa isang impormante: “Tatapusin ko ito kasi may promosyon na nag-aantay sa akin. Kailangang doktor ako para maibigay sa akin ang bakanteng posisyon.

Tinukoy ng pag-aaral ni Smirnov at Tarasova (2025) na may dalawang malalaking uri ng motibasyon para kumuha ng PhD — intrinsic motivation (tulad ng personal na interes sa pag-aaral at pananaliksik) at extrinsic motivation (tulad ng pag-angat sa karera, benepisyong sosyal at pinansyal). Ang mga natuklasan sa nabanggit na pag-aaral ay natuklasan din sa kasalukuyang pag-aaral na isa sa motibasyon kung bakit silang makatapos ay dahil sa promosyon at dagdag na sahod, pati na rin ang nais na mag-ambag sa larangan ng edukasyon. Sinuri rin ng pag-aaral nina Tian at Huang, (2025) na ito kung bakit nag-enrol ang mga *doctoral students* sa kanilang kurso — kasama na dito ang pananaw nila sa halaga ng doctoral: kung paano ito makakatulong sa kanilang karera, sa pananaliksik, at sa personal na pag-unlad. Ang resulta nito ay direktang sumusuporta sa ideya na ang promosyon at pag-angat sa karera ay malakas na motibasyon para sa ilang doktorando.

Natuklasan rin sa ginawang interbyu sa mga PhD students sa China na naglahad na isa sa kanilang motibasyon sa pagkuha ng PhD ay ang *job with a good salary*, bilang bahagi ng kanilang *employment aspiration* at upang

makamit ang akademikong titulo (Wang et al., 2019). Tumutugma ito sa naging pahayag ng impormante sa kasalukuyang pag-aaral na: “*kailangang doktor ako para maibigay ... ang bakanteng posisyon.*” Sa ginawang rebyu ni Hurtado et al, (2024) isa sa mga natukoy na salik ng permanence (pagpapatuloy at hindi pag-abandona ng doktorado) ay ang socio-economic factors kasama ang *financial incentives o status* bilang isa sa mga dahilan kung bakit nagpapatuloy ang mga doktorando. Makakatulong ito bilang empirikal na batayan para sa motibasyong “*may promotion na nag-aantay sa akin ... kailangang doktor ako.*”

Sa kabuoan, napagtagumpayan ng mga nagsipagtapos ang kanilang mga balakid sa pamamagitan ng pagkakaroon nila ng disiplina sa oras at pag-aaral, patuloy na paglinang ng kakayahan sa pananaliksik, matibay na suporta mula sa pamilya at kapwa mag-aaral, katatagan ng loob, at malinaw na hangarin sa buhay at propesyon. Ang mga estratehiyang ito ay hindi lamang nagdala sa kanila sa pagtatapos ng kanilang doktoral na paglalakbay, kundi naghubog din sa kanila bilang mas mahusay na guro, mananaliksik, at lider sa edukasyon.

Ang kombinasyon ng personal na disiplina, suporta mula sa tagapayo at peer, at positibong kapaligiran sa pananaliksik ay may malaking papel sa *engagement, productivity, at timely completion* ng doktorado. (McAlpine, 2020). Ipinapakita nito na ang kakulangan ng suportang sosyal (mula sa tagapayo at kapwa doktorando) ay maaaring magdulot ng krisis sa aksyon (pagdududa) sa doktorando na posibleng humantong sa pagpabaya o pag-alis sa programa. (Alisic et al., 2024). Tinutukoy rin dito ang mga personal na banta sa *thriving* ng doktorando (mental health, stress, pressure) at sinasabing mahalaga ang aktibong pamamahala ng mga salik na ito para tulungan silang magpatuloy. (Golding, 2023). Sa pamamagitan ng pagsusuri sa bahaging pagkilala ng mga disertasyon, nakita ni Seçkin at Varol (2022) na mayroon limang suportang komunidad na mahalaga – kabilang ang pamilya, kaibigan, akademikong peers, at espiritalidad – at na ang laki ng network na ito ay kaugnay ng produktibidad ng doktorando

3.4 Pagbabagong Idinulot ng Karanasan sa Antas Doktorado

Sa pamamagitan ng mga karanasan sa doktorado, nabubuo ang mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng wika bilang midyum ng kaalaman, pati na rin sa papel ng isang iskolar sa pagtangkilik, pagsusuri, at pagpapaunlad ng sariling wika. Ang yugtong ito ay humuhubog sa pagkatao, propesyonal na identidad, at pananaw ng doktorando, na nagiging pundasyon sa kanilang patuloy na kontribusyon sa akademya at lipunan.

Pagbabago sa pananaw. Sa mga naging karanasan sa pag-aaral sa antas doktorado ay nagdulot ng malalim na pagbabago sa pananaw ng mga ito hinggil sa pagkatuto, pananaliksik, at tungkulin bilang guro at iskolar. Naging mas bukas ang kanilang pag-iisip sa mga bagong ideya, teorya, at pananaw sa wika at kultura. Natutunan nilang tingnan ang wikang Filipino bilang daluyan ng kritikal na pag-iisip at hindi lamang bilang asignatura o komunikasyon. Nagkaroon sila ng mas malalim na pagpapahalaga sa halaga ng pananaliksik, at sa tungkulin ng isang iskolar na mag-ambag sa pagpapayaman ng kaalaman at kaunlaran ng bansa. Ang dating nakatuon lamang sa araw-araw na pagtuturo basta’t mailahad lamang ang layunin sa araw na ito at maghanda ng mga gagamitin, ngayon ay nakatuon na rin sa paglikha ng bagong kaalaman at pagbibigay ng boses sa wikang Filipino sa akademya

Sa pag-aaral ni Zhang (2024) ginamit ang grounded theory upang suriin kung paano nauunawaan ng mga doctoral students sa Tsina ang kanilang academic identity. Natukoy nila ang apat na pattern (Adeptness, Academic Pursuit, Alienation, Struggling for Meaning), at napag-alaman na ang *sense of academic meaning at academic efficacy* ay kritikal sa paglago ng kanilang pagkakakilanlan bilang mananaliksik. Ang natuklasan sa nabanggit na pag-aaral ay natuklasan rin na ang doktorado ay nagdulot ng malalim na pagbabago sa kung paano tinitingnan ng mga mag-aaral ang kanilang sarili — mula sa “tagasunod ng kaalaman” tungo sa “taglikha ng kaalaman.” Sa naging pag-aaral din ni Leshem (2020) pinag-aralan ang *identity formations* ng mga doktorando habang nagpapatuloy sa kanilang pag-aaral. Kabilang ang mga hamon tulad ng *isolation, alienation*, at ang relasyon nila sa mga tagapayo o superbisors. Sumusuporta ito sa ideya ng pagbabago sa pananaw at konseptong personal ng doktorando habang nagiging bahagi sila ng akademikong komunidad. Ang pag-aaral din ni Hall et al., (2009) tinukoy kung paano nakakaapekto ang *mentoring* sa identity pagkakakilanlang pagkatotoo ng doktorando. Suportado

nito ang ideya na sa doktorado, hindi lang teorya ang natutunan kundi nagkakaroon ng pagbabago sa pananaw dahil sa gabay ng *mentor*.

Pagbabago sa pagkatao. Dahil sa ginawa nilang pag-aaral, nabago ang kanilang personal na pagkatao. Ang doktoradong paglalakbay ay naghubog sa kanilang disiplina, tiyaga, at kababaang-loob. Natutunan nilang magtiwala sa sarili ngunit manatiling mapanuri at mapagpakumbaba sa harap ng karunungan. Ang mga pagsubok tulad ng kakulangan sa oras, stress, at kabiguan ay nagpatatag sa kanilang emosyonal at espiritwal na katatagan. Marami sa kanila ang nagsabing ang doktorado ay hindi lamang pag-aaral, kundi paglalakbay ng sariling pagkakakilanlan, mula sa pagiging guro tungo sa pagiging tunay na iskolar. Ayon sa isang impormante sinabi niya na: “Mas nakilala ko ang sarili ko sa gitna ng hirap. Ang ganitong sitwasyon ay isang patunay na ang doktorado ay proseso rin ng pagpapakatao.

Ang pag-aaral nina Riby at Rees (2024) tinukoy rito kung paano nagkakaroon ng personal growth (pagkilala sa sarili, self-awareness, perseverance, emotional intelligence) ang mga doktorando sa kanilang paglalakbay. Ang personal na pag-unlad ay kaagapay sa kanilang paglalakbay. Tugma sa pahayag ng mga doktorando ang: “doktoradong paglalakbay ay naghubog sa kanilang disiplina, tiyaga, at kababaang-loob.” Longitudinal na pag-aaral sa mga PhD students ang pag-aaral ni Trout (2025) tinukoy kung paano ang hands-on na kolaboratibong pananaliksik sa komunidad ay nagpapalalim sa kanilang researcher identity. Nagpapakita ito kung paano ang aktwal na karanasan sa pananaliksik ay hindi lang teknikal; nagbabago nito kung paano nakikita ng mga doktorando ang kanilang sarili, hindi lang bilang estudyante kundi bilang mananaliksik o iskolar. Inilalarawan ng pag-aaral kung paano ang mga doktorando ay nagreplekta at humaharap sa mga “psychological conflicts” habang humahakbang sa kanilang doktoral na paglalakbay, na nagreresulta sa mas malalim na pagkilala sa sarili. (Xu at Hjalmarson, 2022). Direktang tumutugma sa ideya na “mas nakilala ko ang sarili ko sa gitna ng hirap”. May suporta sa pananaliksik para sa ganitong uri ng personal na pagbabago.

Pagbabagong-propesyonal na pagkakakilanlan bilang iskolar ng wikang Filipino. Ang pagiging doktorando ay nagbukas ng mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng wika sa edukasyon at pananaliksik. Naging tagapagsulong ng wikang Filipino bilang midyum ng karunungan at agham, hindi lamang sa klase kundi sa mga publikasyon at kumperensiya. Nakita nila ang sarili bilang bahagi ng komunidad ng mga iskolar na nagsusulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Naging modelo at inspirasyon sila sa mga mag-aaral at kasamahan. Patunay na ang wikang Filipino ay may kakayahang tumindig sa larangan ng mataas na edukasyon at pananaliksik. Ang programa ng PhD ay nagbigay sa kanila ng boses at lakas upang ipaglaban ang karapatan ng wikang Filipino sa akademya.

Halimbawa nito ang pananaliksik ni Janeth (2022) kung saan pina-aralan kung paano nakakaapekto ang paggamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo ng agham sa Grade 7. Natukoy na mayroong “language barrier” (hadlang sa wika) kapag Ingles ang gamit, kaya nais niyang malaman kung mas magiging epektibo ang pagkatuto kung Filipino ang gagamitin — para mas malinaw at madaling maunawaan ang konsepto ng agham. Gumawa ng pre-trained AWD-LSTM language model para sa wikang Filipino ang naging pananaliksik ni Velasco (2020) para magkaroon ng modelong panimula (baseline) sa NLP para sa wikang Filipino, lalo na kung limitadong datos ang meron. Titignan kung magawa itong makipagsabayan sa mga modernong transformer-based models kahit mas “mura” o mas mababa ang computational requirement. Gamit ang tinatawag nilang degradation test, kung saan binabawasan ang dami ng training data para tingnan kung paano bumababa ang performance, at ikumpara ang AWD-LSTM sa transformer-based models sa ganitong sitwasyon.

Sa kabuoan, ang karanasan sa antas doktorado ay nagdulot ng transpormasyon sa kanilang pananaw, mula sa simpleng pagkatuto tungo sa kritikal at malalim na pag-unawa. Sa kanilang pagkatao, mula sa karaniwang guro tungo sa matatag, mapanuri, at mapagpakumbabang iskolar, at sa propesyonal na pagkakakilanlan, mula sa tagagamit ng wika tungo sa tagapagtanggol at tagapaglinang ng wikang Filipino sa larangan ng pananaliksik at edukasyon.

Ang pakikilahok sa mga gawaing magpapalakas sa usaping Wikang Filipino ay isang pagpapatunay ng

pagmamahal at pagpapayaman ng ating wika. Halimbawa, ang mga gawaing katulad nito ay makakatulong sa mas magpapaganda ng kanilang karanasan kung silang makikilahok, isang *benchmark* na ginawa para sa pagsusuri ng LLMs sa wikang Filipino. Suriin ang tatlong pangunahing kakayahan ng NLP sa Filipino: Natural Language Understanding (NLU), Natural Language Reasoning (NLR), at Natural Language Generation (NLG). Mag-consolidate ng walong task para sa benchmark, kabilang ang mga bagong task para sa Filipino (may tatlong task na dati ay hindi pa umiiral para sa Filipino corpus), at i-cover ang Tagalog at code-switched Taglish. Tiyaikin ang pagiging tumpak at likas na gamit ng wika. (Montalan et al., 2025). Gumawa ng awtomatikong Filipino WordNet gamit ang mga modelo ng wika. Isang lexical database na nag-uugnay ng mga salita sa kanilang kahulugan (senses) at magkakaugnay na grupo ng salita (synsets), gamit ang computational approach. BUMUBO ng Word Sense Induction (WSI). Tukuyin at ihiwalay ang magkakaibang kahulugan ng mga salita sa Filipino batay sa konteksto ng pangungusap. (Velasco et al., 2023).

3.5 *Pananaw at Mungkahi para sa Pagpapabuti ng mga Programang Doktorado sa Filipino at sa Paghahanda ng mga Susunod na Doktorando sa Parehong Larangan.*

Mahalaga na suriin at pagyamanin ang kasalukuyang mga programa sa doktorado, hindi lamang upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon at pananaliksik kundi upang ihanda nang mas maayos ang susunod na henerasyon ng mga doktorando sa Filipino. Sa ganitong konteksto, ang mga sumusunod na pananaw at mungkahi ay naglalayong magsilbing gabay sa pagpapalakas ng akademikong kurikulum, suporta sa mag-aaral, at pagpapalawak ng intelektwal at kultural na kontribusyon ng wikang Filipino sa larangan ng mataas na edukasyon.

Pananaw ng mga Nagsipagtapos - Ang pag-aaral sa PhD Filipino ay hindi lamang akademikong proseso ang nalilining, kundi isang paglalakbay ng pagpapalalim sa kultura, identidad, at pambansang kamalayan. Naniniwala ang mga doktorando na dapat maging sentro ng intelektuwalisasyon ng wika ang programang doktoral sa Filipino. Isang pagkatataon kung saan ginagamit ang Filipino bilang midyum ng mataas na talakayan, pananaliksik, at paglikha ng bagong kaalaman. Gayunman, napansin nila na may ilang hamon sa pagpapatupad ng kurikulum, tulad ng kakulangan ng mga lokal na sanggunian, kakapusan sa propesor na bihasa sa espesyalisadong larangan, at limitadong oportunidad sa internasyonal na publikasyon sa wikang Filipino. Sa kabila nito, nakikita nila ang programa bilang makabuluhan at makabayang hakbang tungo sa pagpapatibay ng wikang Filipino bilang wikang panturo, pananaliksik, at identidad ng bansa.

Mungkahi para sa Pagpapabuti ng Programa - Iminungkahi ng mga impormante ang sumusunod Upang higit na mapabuti ang mga programang doktorado sa Filipino:

Pagpapayaman ng kurikulum. Dapat isama ang mga interdisiplinaryong kurso na nag-uugnay sa Filipino sa agham, teknolohiya, komunikasyon, at kulturang bayan. Tiyaikin na ang tunguhin ng kurikulum ay sagot sa hinihingi ng patuluyang pag-unlad ng edukasyong alinsunod sa adhika ng CHED, PRC, DepEd, TEC, EDCOM 2 atbp. Palawakin ang paggamit ng makabagong teorya at metodolohiya sa pananaliksik (hal., diskursong postkolonyal, digital humanities, corpus linguistics sa wikang Filipino).

Pagpapalakas ng pagsasanay sa pananaliksik. Magbigay ng mentoring program at research workshops upang tulungan ang mga doktorando sa pagbuo at pagsulat ng disertasyon. Hikayatin ang mga mag-aaral na maglathala sa mga lokal at internasyonal na journal na tumatanggap ng pananaliksik sa wikang Filipino. Itaguyod ang kolaboratibong pananaliksik sa pagitan ng mga unibersidad upang mas mapalawak ang saklaw ng pag-aaral.

Pagpapalakas ng Suporta sa mga Mag-aaral. Maglaan ng iskolarsyip at research grants para sa mga doktorando, lalo na yaong mga nagtuturo habang nag-aaral. Sikaping makadalo ang mga mag-aaral sa isang seminar o worksyap kaya na mabibigyan ng pundo ng paaralan. (ilang % lamang ng guguling gastusin). Magtatag ng support group o mentoring community upang mapangalagaan ang mental at emosyonal na kalusugan ng mga mag-aaral. Paigtingin ang advising system upang maging mas maayos ang gabay mula sa mga tagapayo. Ayon nga sa pag-aaral ni Campos et al. (2023) ang ugnayan ng kalidad ng mentoring/superbisyon sa research self-efficacy

ng mga doktoral na estudyante, at nakita na mas mataas na satisfaction sa mentoring ay konektado sa mas mataas na self-efficacy at well-being. Ayon din kina Newlands et al. (2025) ang *peer support* (suporta mula sa kapwa doktoral mag-aaral) ay lumitaw bilang mahalagang “adjunct” na suporta para sa emosyonal at praktikal na hamon na nararanasan ng mga doktorando.

Pagpapalawak ng perspektiba sa Wikang Filipino. Kinakailangan ang pagpupunyaging ipakilala ang Wikang Filipino. Hikayatin ang paggamit ng Filipino hindi lamang sa mga pormal na kurso, kundi sa presentasyon, kumperensiya, at publikasyon upang higit na mapasigla ang akademikong diskurso sa sariling wika. Kailangang magsagawa ng mga proyektong pananaliksik na nakatuon sa lokal na wika, kultura, at komunidad bilang ambag sa pambansang pag-unlad.

Upang makatulong sa pagpapalawak at pagpapayaman ng Wikang Filipino kinakailangan nating tumugon sa mga panawagan ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa pagdodokumento at pagtalakay sa wika ng komunidad, patakarang pangwika, edukasyon katutubo, at iba pa. Ang Salindunong⁵³ na may layunin na magbigay ng plataporma para sa pagpapalitan ng kaalaman lalo na sa pananaliksik tungkol sa wika, panitikan, kultura, at iba pang disiplinang akademiko. Tinutukan din nito ang mga “napapanahong isyu” sa konteksto ng pananaliksik pangwika at pampanitikan. Hindi ito isang NGO o samahang adbokasiya (wala ring nakitang legal na status bilang non-profit organization), kundi primarily akademikong konferensya. Ang Sentro ng Wikang Filipino ay isang institusyon sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman na itinatag para isulong ang paggamit at pag-unlad ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo, saliksik, publikasyon, at opisyal na komunikasyon. Aktibo ang SWF sa pagbubuo at koordinasyon ng mga Komite sa Wika sa iba’t ibang kolehiyo sa loob ng UP upang mapalaganap ang Filipino bilang midyum ng pagtuturo.

Pananaw at Mungkahi para sa mga Susunod na Doktorando - Ilan sa mga pananaw at mungkahi Para sa susunod na nagnanais na tahakin ang landas ng doktorado sa Filipino ang sumusunod: Tiyakin na mayroong kang malinaw na layunin. Hindi lamang upang magkaroon ng titulo, kundi upang mag-ambag sa pagpapaunlad ng wikang Filipino at ng bansa. Maging bukas sa pagbabago at kritikal na pag-iisip; gamitin ang wika bilang kasangkapan ng pananaliksik, at hindi hadlang sa intelektuwal na produksiyon. Pagyamanin ang disiplina, tiyaga, at pakikipagkapwa, sapagkat ang doktorado ay higit pa sa akademikong hamon kundi ito ay paglalakbay ng puso, isip, at diwa. Ayon nga kay Balmonte (2025) ang pag-aaral ay tumutukoy sa karanasan ng mga estudyanteng nagsasagawa ng pananaliksik sa wikang Filipino. Ipinapakita rito kung paano nahahasa ang kanilang kritikal na pag-iisip, malalim na pag-unawa, at pakikipag-ugnayan sa kultura bilang bahagi ng kanilang intelektuwal na paglalakbay. Sa kongklusyon ng pag-aaral, itinuturing ng mga kalahok ang pananaliksik sa Filipino bilang “makabuluhang paglalakbay” na hindi lamang teknik ngunit personal at makabayang proseso.

Sa kabuoan, ang pananaw ng mga doktorando ay nagsusulong ng isang programang doktoral, makabayan, makabago, at makatao, kung saan ang wikang Filipino ay hindi lamang daluyan ng karunungan kundi simbolo ng identidad at katalinuhan ng Pilipino. Ang mga mungkahing ito ay naglalayong mapabuti ang kalidad, suporta, at epekto ng mga programang doktorado sa Filipino para sa mga susunod na henerasyon ng iskolar. Tulad nga ng panayam na binanggit ni Fortunato (2024) tinalakay ang potensyal ng wikang Filipino bilang wika ng mga siyentipikong talakayan. Binibigyang-diin sa panayam ang ideya ng intelektuwalisasyon ng Filipino na ang wika ay hindi lang para sa araw-araw na usapan kundi para sa mataas na antas ng diskurso at kaalaman. Ang pakikipanayam nina Villejo at Liwanag (2019) kay Dr. Florentino T. Timbreza tumitingin sa papel ng Filipino sa pilosopiya at kung paano ito nilalaban para sa intelektuwal na halaga. Makakatulong ito bilang teoretikal na batayan sa paglalagat ng doktoradong programa na may malalim na adbokasiya sa identidad at kaisipang Pilipino.

4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Iba-ibang motibasyon at salik ang nagsilbing inspirasyon upang ipagpatuloy at tawaging PhD o doktor sa Filipino gaya ng personal na motibasyon, propesyonal na motibasyon, panlipunang motibasyon at iba pang motibasyon. Naging karanasan ng mga impormante sa kanilang paglalakbay bilang doktorando ang hamon sa

akademiko, hamon sa pananaliksik, at hamon sa personal na aspekto. Tinukoy rin ang mga estratehiya at mekanismong ginamit ng mga nagsipagtapos tulad ng tamang pamamahala ng oras, pagpapalakas ng kasanayan sa pananaliksik at akademikong pagsulat, pagbuo ng suportang sosyal, pagkakaroon ng personal na katatagan, at may tiyak na layunin at inspirasyon. Nakita rin ang pagbabagong Idinulot ng karanasan sa antas doktorado gaya ng pagbabago sa pananaw, pagbabago sa pagkatao at pagbabagong-propesyonal na pagkakakilanlan bilang iskolar ng wikang Filipino. Malinaw rin na ang naging pananaw ng mga nagsipagtapos sa programang PhD Filipino ay hindi lamang akademikong proseso ang nalilining, kundi isang paglalakbay ng pagpapalalim sa kultura, identidad, at pambansang kamalayan. Naging mungkahi para sa pagpapabuti ng mga programang doktoral sa Filipino ang pagpapayaman ng kurikulum, pagpapalakas ng pagsasanay sa pananaliksik, pagpapalakas ng suporta sa mga mag-aaral, at pagpapalawak ng perspektiba sa Wikang Filipino. Ang mga ito ay isasagawa upang ito ay maisama at maimplementa sa paghahanda ng mga susunod na doktorando.

Inirerekomenda na magkaroon ng integrasyon ng interdisiplinaryong kurso na nag-uugnay sa Filipino sa agham, teknolohiya, komunikasyon, at kulturang bayan upang mas mapalawak ang perspektiba at aplikasyon ng wika sa iba't ibang larangan. Paigtingin ang kolaboratibong pananaliksik sa pagitan ng unibersidad at institusyon at maglathala sa lokal at internasyonal na journal na tumatanggap ng pananaliksik sa wikang Filipino upang itaguyod ang Filipino bilang midyum ng intelektwal na diskurso. Palakasin ang suportang ibinibigay sa mga mag-aaral tulad ng pagkakaroon ng support group o mentoring community, pagbibigay iskorlasyip at lalo pang bigyang-tuon ang sistema ng paglinang sa pagkatuto lalo na sa pananaliksik upang magkaroon ng mas maayos at epektibong pagkatuto ang mga mag-aaral. Palakasin pang lalo ang adbokasiya na ang Filipino ay wika ng intelektuwalisasyon, na may kapasidad sa agham, edukasyon, at teknolohiya. Hikayatin ang mga guro sa/ng Filipino na lalo pang linangin ang sariling layunin at inspirasyon na siyang magiging daan sa pag-ambag sa wika, kultura, at bansa.

5. Talasanggunian

- Abrigo, J. N. F., Abrogena, A. A. A., Alcantara, D. R. E. D. G., Niela, A. V., Juliano, A. C., & Ador, Z. I. (2024). A narrative research of experiences of STEM teachers pursuing doctoral degree. *Journal of Social, Humanity, and Education*, 4(3), 153–168.
- Acharya, V., Rajendran, A., & Shenoy, S. (2023). A framework for doctoral education in developing students' mental well-being. *F1000Research*, 12 (Version 2). <https://doi.org/10.12688/f1000research.131766.2>
- Algar, R. G. J., Basanes, M. G., De La Luna, A. T., Jr., Jentelizo, J. A. A., Salbibia, M. G. A., & Trencho, R. C. (2025). Balancing act: Exploring the impact of ancillary duties on Filipino teachers' professional lives. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, 9(3), 846–855. <https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.90300066>
- Alisic, A., Noppeney, R., & Wiese, B. S. (2024). When doubts take over: A longitudinal study on emerging disengagement in the PhD process. *Higher Education*, 88, 1165–1182. <https://doi.org/10.1007/s10734-024-01012-x>
- Arceno, R. A. (2018). Motivations and expectations of graduate students of the College of Advanced Education (CAEd), Philippines. *PEOPLE: International Journal of Social Sciences*, 4(1). <https://doi.org/10.20319/pijss.2018.41.239256>
- Balmonte, J. N. F. S., Bansawan, R. G., Calunsag, A. C., Pelonita, P. J. F., & Badie, J. Y. (2025). Isang kuwalitatibong pag-aaral sa danas sa pagsasaliksik sa bagong kinaiya ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation*, 3(2).
- Bullo, M. M., Labastida, R. T., & Manlapas, C. C. (2021). Challenges and difficulties encountered by teachers in the conduct of educational research: Basis for teachers' enhancement program. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(13). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.a044>
- Calugan, B. T., Tanyag, I. P., Bueno Dun, V. D., & Wance, M. A. (2024). Work-life balance and resilience strategies of doctoral students: A systematic review. *Innovations*, 79.
- Campos, J. A. A., Cebollero, M. P. T., Gonzalez, A. P., Masse, C. C., Esparcia, A. J. J. I., Xavier, T., & Olmos, J. G. (2023). Mentoring and research self-efficacy of doctoral students: A psychometric approach.

- Education Sciences, 13(4), 358. <https://doi.org/10.3390/educsci13040358>
- Castulo, N. J., Marasigan, A. C., Buenaventura, M. L. L., De Vera, J. L., Bagaporo, E. C., San Juan, M. P. C., & Dalida, N. S. (2025). Contextualizing the challenges of education graduate students in the Philippines: Translating needs analysis into strategic solutions. *Discover Education*. <https://doi.org/10.1007/s44217-025-00416-7>
- Esclares, D. D., & Limpot, M. Y. (2025). Learning attitudes, motivation, and learning environment: A structural model for Filipino language learning. *Research Frontiers: International Journal of Social Science and Technology*, 1(1), 24–41.
- Flores, K. G., Gadaza, A. C., Galdonez, D. C., Pihnuton, J. N., Soriano, R. B., & Killip, A. G., Jr. (2025). Decolonizing pedagogy: Integrating Indigenous knowledge and Philippine historical narratives in higher education curricula. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(1). <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7i1.130>
- Franca, J. L., & Napil, M. C. (2022). Study skills, writing strategies and reading habits: A causal model in motivation in learning a language. *Asian Journal of Education and Social Studies*, 34(3). <https://doi.org/10.9734/AJESS/2022/v34i3733>
- Gaber, S. A., & Ali, S. I. (2022). Effectiveness of a training program in improving scientific writing skills based on APA 7 style among postgraduate students. *International Journal of Learning, Teaching and Educational Research*, 21(11), 282–299.
- Golding, J. (2023). Supporting doctoral students in crisis. *Encyclopedia*.
- Gonzales, M. L. N., Alejo, Z. S., & Asis, R. A. (2025). Correlational study of graduate students' time management skills in thesis/dissertation writing. *International Journal of Education, Business and Economics Research*.
- Hall, L. A., & Burns, L. D. (2009). Identity development and mentoring in doctoral education. *Harvard Educational Review*, 79(1), 49–70. <https://doi.org/10.17763/haer.79.1.12501273470r6343>
- Hurtado, E., Rosado, E., Aoiz, M., Quero, S., & Elkin, L. O. (2024). Factors associated with the permanence of doctoral students: A scoping review. *Frontiers in Psychology*.
- International Association of Universities. (n.d.). About IAU. <https://www.iau-aiu.net>
- International Institute for Educational Planning. (n.d.). About IIEP. <https://www.iiep.unesco.org/en>
- Jairam, D., & Kahl, D. H. (2012). Graduate students' social support networks: Peers, family, and faculty. *International Journal of Doctoral Studies*, 7, 118–134.
- Jameson, C. M., & Torres, K. (2019). Fostering motivation when virtually mentoring online doctoral students. *Journal of Educational Research and Practice*, 9(1), 331–339. <https://doi.org/10.5590/JERAP.2019.09.1.23>
- Kokotsaki, D. (2023). What does it mean to be a resilient student? An explorative study of doctoral students' resilience and coping strategies. *International Journal of Doctoral Studies*, 18, 173–198.
- Lee, K. (2020). A phenomenological exploration of the student experience of online PhD studies. *International Journal of Doctoral Studies*, 15, 575–593. <https://doi.org/10.28945/4645>
- Leshem, S. (2020). Identity formations of doctoral students on the route to achieving their doctorate. *Issues in Educational Research*, 30(1), 169–186.
- Logue-Conroy, H., Harty, S., Lee, J., Markovitz, B., & O'Gara, C. (2024). Building peer support among doctoral students: Collaborative autoethnography of an informal community. *International Journal of Doctoral Studies*, 19.
- McAlpine, L., & Boz, C. (2024). Developing as a writer: PhD researchers' writing program. *Innovations in Education and Teaching International*, 61(5), 988–1002. <https://doi.org/10.1080/14703297.2023.2230190>
- McAlpine, L., Castello, M., & Pyhältö, K. (2020). What influences PhD graduate trajectories during the degree: A research-based policy agenda. *Higher Education*, 80(6), 1011–1043. <https://doi.org/10.1007/s10734-020-00582-8>
- Merga, M. K., & Mason, S. (2021). Mentor and peer support for early career researchers sharing research with academia and beyond. *Heliyon*, 7(12), e08573. <https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2021.e08573>

- Newlands, F., Markan, T., Pomfret, I., Davey, E., King, T., Roach, A., Wagstaff, M., Osborn, T. G., Shafran, R., Livermore, P., de Haan, M., Wolstencroft, J., & Bennett, S. (2025). "A PhD is just going to somehow break you": A qualitative study exploring the role of peer support for doctoral students. *PLOS ONE*, 20(6), e0325726. <https://doi.org/10.1371/journal.pone.0325726>
- Pedroso, J. E. P. (2023). A qualitative investigation of time management interventions for working students in the Philippines. *International Journal of Research Publication and Reviews*, 4(7).
- Pontillas, M. S., Tino, M. D., Ballesteros, J. B., et al. (2024). Lived experiences of graduate school students in a Philippine university: A phenomenological study. *Research and Analysis Journals*, 7(8).
- San Juan, E. (2006). Toward a decolonizing Indigenous psychology in the Philippines: Introducing Sikolohiyang Pilipino. *Journal for Cultural Research*, 10(1), 47–67. <https://doi.org/10.1080/14797580500422018>
- Seçkin, Ö. C., & Varol, O. (2022). Academic support network reflects doctoral experience and productivity. *EPJ Data Science*, 11(1), Article 72. <https://doi.org/10.1140/epjds/s13688-022-00311-x>
- Shur, E. (2024). Strategies used to overcome challenges. *International Journal of Doctoral Studies*, 19, Article 17.
- Sparkman, D., & Doran, C. (2019). Supporting them to completion. *Journal on Educational Psychology*, 13(1), 14–23.
- Trout, I. Y. (2025). Navigating the path to researcher identity: Experiences of education PhD students engaged in a community-university research partnership [Doctoral dissertation, University of the Incarnate Word]. Athenaeum Repository.
- Twinley, R., & Letherby, G. (2021). The doctoral journey as an emotional, embodied, political experience: Affective challenges faced by doctoral students (1st ed.). Routledge.
- UNESCO. (n.d.). About UNESCO. <https://www.unesco.org/en>
- Wang, X., Wang, C., & Wang, J. (2019). Towards contributing factors for stress confronting Chinese PhD students. *International Journal of Qualitative Studies on Health and Well-Being*, 14(1), 1615021. <https://doi.org/10.1080/17482631.2019.1615021>
- Xu, X.-Y., & Hjalmarson, M. A. (2022). Doctoral students' self-exploration of personal identity development. *International Journal of Doctoral Studies*, 17, 201–225.
- Zhang, H., Liu, L., Li, X., & Sun, Y. (2024). How doctoral students understand academic identity in China: A qualitative study based on grounded theory. *Education Sciences*, 14(5), 345. <https://doi.org/10.3390/educsci14050345>

